**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 19, 89-96




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Antas ng pagkatuto sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 12: Isang kwantitatibong pananaliksik

De Mesa, Alvin R. ✉
*Leyte Normal University, Philippines (ar_demesa@ymail.com)*
Cinco, Stephen P.
*Leyte Normal University, Philippines (prongotpain@gmail.com)*

**Received**: 15 July 2026 **Revised**: 3 August 2026 **Accepted**: 4 August 2026
**Available Online**: 5 August 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26366

***Abstract***

This study aimed to determine students' level of understanding and the effectiveness of translation as a teaching strategy in the subject Filipino. Specifically, it examined the performance of Grade 12 students before and after discussing lessons in the first quarter with translation, as well as the significant difference between their scores in the pre-test and post-test. The study used a quantitative research design with pre-test and post-test involving two groups: experimental and control. It was conducted in a private school in Tacloban City, Leyte. The participants were selected through purposive sampling based on the criteria set by the study. Mean, standard deviation, and Paired Sample t-test were used to analyze the gathered data. The results showed that in the pre-test, the Experimental Group had a mean of 19.18 (SD = 3.49), while the Control Group had a mean of 14.55 (SD = 2.98). In the post-test, the mean of the Experimental Group increased to 25.36 (SD = 3.21), while the Control Group recorded a mean of 19.73 (SD = 5.52). The results showed that the performance of the Experimental Group improved more. Therefore, it was proven that the use of translation as a teaching strategy has a positive effect in improving students' understanding and academic performance in the subject Filipino in a private school that uses English as the primary medium of instruction002E

***Keywords:*** level of understanding, translation, Grade 12, pre-test, post-test

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Antas ng pagkatuto sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 12: Isang kwantitatibong pananaliksik


## 1. Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral at ang bisa ng pagsasalin bilang estratehiya sa pagtuturo sa asignaturang Filipino. Partikular, sinuri nito ang performans ng mga mag-aaral sa Baitang 12 bago at pagkatapos talakayin ang mga aralin sa unang kuwarter na may pagsasalin, gayundin ang makabuluhang pagkakaiba ng kanilang mga marka sa pre-test at post-test. Gumamit ang pag-aaral ng kuwantitatibong disenyo ng pananaliksik na may pre-test at post-test sa dalawang pangkat: eksperimental at kontrol. Isinagawa ito sa isang pribadong paaralan sa Tacloban City, Leyte. Pinili ang mga kalahok sa pamamagitan ng purposive sampling batay sa mga itinakdang pamantayan ng pag-aaral. Ginamit ang mean, standard deviation, at paired sample t-test upang masuri ang mga nakalap na datos. Lumabas sa resulta ng pre-test na ang Experimental Group ay may mean na 19.18 (SD = 3.49), samantalang ang Control Group ay may mean na 14.55 (SD = 2.98). Sa post-test, tumaas ang mean ng Experimental Group sa 25.36 (SD = 3.21), habang ang Control Group ay nakapagtala ng mean na 19.73 (SD = 5.52). Ipinakita ng mga resulta na higit na umunlad ang performans ng Experimental Group. Samakatuwid, napatunayang may positibong epekto ang paggamit ng pagsasalin bilang estratehiya sa pagtuturo sa pagpapabuti ng pag-unawa at akademikong performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa isang pribadong paaralan na gumagamit ng Ingles bilang pangunahing midyum ng pagtuturo.


***Susing Salita***: antas ng pag-unawa, pagsasalin, baitang 12, pre-test, post-test

## 2. Introduksiyon

Ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay isa sa mga mahahalagang kaalaman na dapat mayroon ang isang Pilipino. Ngunit paano magkakaroon ng kaalaman kung ang sarili mismong lengguwahe ay hindi maintindihan. Ang pagkatuto ng Filipino ay magsisilbing pundasyon sa bawat mag-aaral na Pilipino upang lalong mapalalim at mas mapalawak ang kaalaman at ideya ng mga ito sa sarili mismong wika. Katulad na lamang sa pagbasa, na isa sa mga maaaring gamitin ng mga mag-aaral upang mas mapalalim ang kanilang pagkatuto. Ayon kay Quintero (2019), ang pag-unawa sa binasa ay isang kakayahang nagbibigay-daan sa isang estudyante upang sabay-sabay na magamit ang pag-unawa, kamalayan sa ponema, palabigkasan, at makabuluhang pakikipag-ugnayan sa isang teksto. Dagdag pa ni Maluto (2026), ang pagbasa ay hindi lamang sapat na makabasa ng nakasulat at masabi ang mga ito kundi lalong higit na maunawaan, mapakahulugan, makabuo ng personal na reaksyon at pananaw hinggil sa teksto, mapalawak at malinang ang kaalaman ng bumabasa at mapataas ang uri ng pagkatuto sa binabasa. Batay sa mga inilathala, makikita natin na mahalaga ang pag-unawa sa binabasa upang mas madaling matutunan ang mga paksang pinag-aaralan.

Gayunpaman, ilan sa mga kinakaharap ng mga mag-aaral, lalo na ang mga nasa pribadong paaralan na kung saan nahihirapan at hindi maintindihan ang isang paksa na nakasulat sa Filipino, ay isa itong malaking hamon sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino na ang lahat ay nakasulat sa wikang Filipino. Isa sa mga nagiging epekto nito ay ang pagbaba ng performance ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa kadahilanang hindi nila masyadong maunawaan ang tekstong binabasa o ang pagbaba ng score sa ginagawang pagsusulit sa asignaturang Filipino. Ayon sa pag-aaral nina Lausa et al. (2024), isa sa mga dahilan kung bakit bumababa ang score ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa mga pribadong paaralan ay ang kakulangan sa praktikal na paggamit ng wika sa tahanan, labis na exposure sa Ingles, at ang maling pananaw na "madali" lang ang Filipino. Bagama't nakatira sa Pilipinas, maraming mag-aaral sa pribadong eskwelahan ang mas bihasa sa Ingles, kaya nahihirapan silang unawain ang malalalim na estruktura at bokabularyo ng sariling wika.

Sa pamamagitan ng iba't ibang paraan ng pagtuturo, maiibsan ang ganitong suliranin ng mga mag-aaral na hindi gaanong nakaiintindi ng mga salitang Filipino; isa na rito ang pagsasalin. Ang pagsasalin sa wikang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ay isa sa mga pinakamagandang gawain, gayon ay mas mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Sa inilathala ng Philippine Daily Inquirer (2025), ang pagtuturo ng asignaturang Filipino gamit ang wikang Ingles sa mga pribadong paaralan ay isinasagawa upang mapataas ang kahusayan ng mga mag-aaral. Sentro rito ang layuning maihanda sila sa globalisasyon, mapalakas ang kanilang komprehensiyon, at maiwasan ang kalituhan sa pag-aaral ng iba pang asignatura. Makikita sa pag-aaral nina Culla-ag et al., (2025) na may layuning masuri at maunawaan ang mga hamon na hinaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa aspetong pang-akademiko, pang-sikolohikal at pang-sosyal.

Ang kaibahan ng isinasagawang pag-aaral ay nakapokus lamang sa pagsasalin ng mga tanong mula sa wikang Filipino patungo sa wikang Ingles. Ang pag-aaral na ito ay nilimitahan sa pagsasalin ng guro sa mga tanong na kanyang ginawa, ngunit hindi sa pagsasalin sa buong talakayan. Ayon pa ni McLeod (2025), ito ay nagsasaad na ang pagkatuto at pag-unlad n kaisipan ng tao ay nakasalalay sa pakikipag-ugnayan sa lipunan, kultura, at wika. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa paghahambing ng magiging resulta ng pagsusulit na mayroong pagsasalin at pagsusulit na walang pagsasalin, upang makita kung ano ang kaibahan ng performans ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino. Layunin ng pag-aaral na ito na makita kung alin sa dalawa ang may malaking maiaambag sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa isng pribadong paaralan na gumagamit ng wikang Ingles bilang medium ng pagkatuto.

***Layunin ng Pag-aaral –*** Ang pag-aaral na ito ay naglayong makita ang antas ng pag-unawa at bisa ng pagsasalin sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pre-test at post-test sa pagsukat ng pag-unawa ng bawat mag-aaral. Partikular, na nilalayong masagutan ang mga sumusunod: 1. Ano ang performans ng mga mag-aaral sa Baitang 12 bago talakayin ang aralin sa unang kwarter na may pagsasalin? 2. Ano ang performans ng mga mag-aaral sa Baitang 12 pagkatapos talakayin ang aralin sa unang kwarter na may pagsasalin? At, ano ang makabuluhang pagkakaiba ng performans ng mga mag-aaral sa Baitang 12, bago at pagkatapos talakayin ang mga aralin sa unang kwarter na may pagsasalin?

***Saligang Teoretikal –*** Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, na nakabatay sa ilang mahalagang teorya sa edukasyon. Isa sa mga pangunahing teorya ay ang *Second Language Acquisition Theory ni Stephen Krashen,* na nagsasaad na mas epektibong natututo ang mga mag-aaral ng ikalawang wika kapag ang impormasyong ibinibigay ay nauunawaan (*comprehensible input).* Dagdag pa ni Huang (2023), ang paggamit ng mga salitang mas naiintindihan ng mga mag-aaral ay magsisilbing tulay upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang isang konsepto. Binigyang-diin naman ng Sociocultural Theory ni Lev Vygotsky na ang pagkatuto ay nagaganap sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan at paggamit ng mga kasangkapang pangkaisipan, at ang wika ang mga mahalagang kasangkapang tinutukoy ni Vygotsky. Ayon sa Cherry (2022), ito ay nagsasaad na ang pagkatuto at pag-unlad n kaisipan ng tao ay nakasalalay sa pakikipag-ugnayan sa lipunan, kultura, at wika.

Ang mga teorya ay ay naayon sa kasalukuyang pag-aaral sapagakat layunin makita ng pag-aaral na ito kung mayroong pagbabago ba sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa baitang 12 kung isasalin sa wikang Ingles ang mga katanungan sa gagawing pre-test at post-test na konektado sa *Second Language Acquisition Theory* at kung papaano mas madaling matutunan ng mga mag-aaral sa isang pribadong paaralan ang asignaturang Filipino na may kaugnayan naman sa *Sociocultural Theory* dahil sa paggawa ng paraan ng mananaliksik upang maayon sa mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral na wika.

## 3. Metodolohiya

Inilahad sa kabanatang ito ang mga pamamaraang ginamit ng mananaliksik, kabilang ang disenyo ng pag-aaral, kaligiran ng pag-aaral, at paraan ng pangangalap ng datos.

***Disenyo ng Pag-aaral –*** Ang pag-aaral na ito ay isang kuwantitatibong pananaliksik na gumamit ng pretest-

posttest control group design. Sa disenyong ito, hinati ang mga kalahok sa dalawang pangkat: ang eksperimental na pangkat at ang kontrol na pangkat. Ang eksperimental na pangkat ay sumasailalim sa estratehiyang pagsasalin ng mga tanong sa pagsasagawa ng pagsusulit, samantalang ang control group ay hindi nakatanggap ng anumang treatment o estratehiya. Ayon pa kay Shuttleworth (2009), ang disenyong pretest-posttest ay ang mas piniling pamamaraan upang maihambing ang mga grupo ng kalahok at masukat ang antas ng pagbabago na nagaganap bilang resulta ng mga interbensyon. Angkop ang disenyong ito upang masukat ang antas at bisa ng isinagawang estratehiya at upang matukoy kung nakatutulong ba ito sa pagpapaunlad ng pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa isang pribadong paaralan sa Tacloban City, lalawigan ng Leyte.

***Kalahok ng pag-aaral -*** Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling sapagkat pinili ang mga kalahok batay sa katangian at criteria na makikita sa layunin ng pag-aaral. Ayon pa kay Nikolopoulou (2023), ang purposive sampling ay isang uri ng non-probability sampling kung saan sadyang pinipili ang mga kalahok batay sa kanilang tiyak na katangian, karanasan, o kaalaman na akma sa layunin ng pananaliksik. Hindi ito isinasagawa nang paborito o nagkataon lamang.

***Instrumento -*** Gumamit ang mananaliksik ng *self-made type of test* o talatanungan mula sa guro ng mga mag-aaral na siyang gumawa at nagsuri ng mga tanong na ibibigay sa mga mag-aaral o *teacher-made pre-test and post-test upang makuha ang karapatang datos na makukuha mula sa isinagawang* pagsusulit. Ayon pa kina Kumar at Lal (2024), Napakahalaga ng paggawa ng sariling pagsusulit o ***teacher-made/self-made test*** dahil ito ay angkop na angkop sa mga tinalakay sa klase, tumutukoy sa tunay na kakayahan ng mga mag-aaral, at nagbibigay ng agarang gabay sa guro

***Konsiderasyong Etikal –*** Mahigpit na titiyakin ng mananaliksik na ang mga prinsipyong etikal ay maisasagawa sa buong proseso ng pag-aaral. Bago isagawa ang pangangalap ng datos, kukuha muna ng pahintulot ang mananaliksik mula sa administrasyon ng isang pribadong paaralan sa Tacloban. Ang paglahok sa pag-aaral ay ganap na boluntaryo, at ang mga kalahok ay bibigyan ng sapat na impormasyon tungkol sa layunin, pamamaraan, at kahalagahan ng pananaliksik bago sila lumahok. Kukuha rin ang mananaliksik ng malayang pahintulot *(informed consent)* mula sa mga kalahok at, kung kinakailangan, mula sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga. Upang mapanatili ang pagiging kumpidensiyal ng mga kalahok, mga kodigo ang gagamitin sa halip na kanilang mga tunay na pangalan, at ang lahat ng impormasyong makakalap ay ituturing na lubos na kumpidensiyal. Higit pa rito, ang lahat ng datos na makokolekta ay gagamitin lamang para sa layuning akademiko at pananaliksik at ligtas na iingatan upang maprotektahan ang pagkapribado ng mga kalahok. Ang mga etikal na gawaing ito ay naaayon sa mga prinsipyong etikal na itinakda ng American Psychological Association (2020), lalo na sa mga alituntunin hinggil sa malayang pahintulot, pagiging kumpidensiyal, boluntaryong paglahok, at responsableng pangangasiwa ng mga datos sa pananaliksik.

***Paraan ng Pangangalap ng Datos*** – Sa pangangalap ng datos, binigyan ang mga respondente ng liham-pahintulot at ipinaliwanag ang layunin ng isinagawang pag-aaral. Isinagawa ang pre-test at post-test sa parehong paraan. Pagkatapos kumuha ng pagsusulit, ang mga respondente. Kinuha ng mananaliksik ang mga nakuhang puntos upang mabigyan ng pagpapakahulugan.

***Pagpapakahulugan ng Datos -*** Upang masuri nang maayos ang mga nakalap na datos, gumamit ang mananaliksik ng paired sample t-test. Ayon sa inilathala ng Kent State University (2026), ang paired sample t-test (o dependent sample t-test) ay isang istatistikal na pamamaraan na ginagamit upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang hanay ng mga datos mula sa parehong indibidwal, bagay, o magkakaugnay na grupo. Madalas itong ginagamit sa mga pag-aaral na "Bago at Pagkatapos" (before-and-after). Ang pagsusulit na ibibigay ay naglalaman ng tatlumpung (30) katanungan. Kasunod nito, ginamit ang mean o average upang matukoy ang pangkalahatang marka ng bawat pangkat sa pre-test at post-test. Ginamit din ang standard deviation upang masukat ang pagkakaiba-iba ng mga marka sa bawat pangkat. Ang mga ito ay malaki ang naitutulong kung gaano kalayo o kalapit ang mga marka ng mga kalahok sa kanilang mean. Na kung saan makikita kung may pagbabago sa pagganap ng bawat pangkat bago at pagkatapos ng isinagawang interbensyon.

Ginamit rin sa pag-aaral na ito ang Wilcoxon Signed-Rank Test.

Ang Wilcoxon Signed-Rank Test ay isang non-parametric statistical test na ginagamit upang ihambing ang dalawang magkaugnay na pangkat ng datos, lalo na kung hindi natutugunan ang mga pangunahing palagay (assumptions) na kinakailangan sa paggamit ng paired samples t-test. Ang estadistikal na pamamaraang ito ay angkop sa pagsusuri ng mga datos na hindi sumusunod sa normal na distribusyon. Dahil dito, ginamit ang Wilcoxon Signed-Rank Test sa pag-aaral na ito upang matukoy kung may umiiral na makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga marka ng mga kalahok bago at pagkatapos ng isinagawang interbensiyon (Sapkota, 2025). Ang nasabing interpretasyon ay ginamit sa pre-test at post-test upang matukoy ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Akma ito sa ginagawang pag-aaral sapagkat layuning malaman kung may malaki bang pagkakaiba ang isinagawang treatment o estratehiya sa pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng asignaturang Filipino.

## 4. Resulta at Pagtalakay

Sa bahaging ito, makikita ang naging resulta at pagtalakay ng mananaliksik sa isinagawang pangangalap ng datos.

### *4.1 Performans ng mga mag-aaral sa Baitang 12 bago talakayin ang aralin sa unang kwarter na may pagsasalin*

**Talahanayan 1**

*Kaalaman ng mga mag-aaral bago simulan ang pagtalakay ng mga aralin*

| Pagsusulit | Mean Score | Standard Deviation |
|---|---|---|
| Experimental Group (pre-test) | 19.18 | 3.49 |
| Control Group (pre-test) | 14.55 | 2.98 |

Makikita sa Talahanayan 1 na ang performans ng mga mag-aaral sa Baitang 12 bago talakayin ang aralin sa unang kwarter na may pagsasalin na ang *Experimental Group* ay nakapagtala ng mean score na (μ = 19.18) at standard deviation na (SD = 3.49), samantalang ang *Control Group* ay may mean score na (μ = 14.55) at standard deviation na (SD = 2.98). Ipinahihiwatig ng mga resulta na bago pa man isagawa ang interbensiyon o paggamit ng pagsasalin, mas mataas na ang antas ng performans ng mga mag-aaral sa experimental group kumpara sa control group. Ipinakikita rin ng standard deviation na ang mga marka ng experimental group ay may bahagyang mas malawak na pagkakaiba-iba kaysa sa control group, bagama't nananatiling magkakalapit ang mga marka ng mga mag-aaral sa bawat pangkat. Sa kabuuan, nagpapakita ang pre-test na hindi magkapantay ang paunang antas ng performans ng dalawang pangkat, kung saan mas mataas ang naitalang mean score ng experimental group. Ang resulta ay nagsisilbing batayang datos sa paghahambing ng magiging pagbabago sa performans ng mga mag-aaral pagkatapos maisagawa ang pagtuturo gamit ang pagsasalin.

### *3.2 Performans ng mga mag-aaral sa Baitang 12 pagkatapos talakayin ang aralin sa unang kwarter na may pagsasalin*

**Talahanayan 2**

*Ang pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos talakayin ang mga aralin.*

| Pagsusulit | Mean Score | Standard Diviation |
|---|---|---|
| Experimental Group (post-test) | 25.36 | 3.21 |
| Control Group (post-test) | 19.73 | 5.52 |

Makikita sa Talahanayan 2, makikita na ang *Experimental Group* ay nagtamo ng mas mataas na mean score na (μ = 25.36) na may standard deviation na (SD = 3.21), samantalang ang *Control Group* ay nakapagtala ng mean score na (μ = 19.73) na may standard deviation na (SD = 5.52) sa isinagawang post-test. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na ang mga mag-aaral sa Experimental Group ay nagpakita ng mas mataas na performans matapos talakayin ang aralin sa unang kwarter na may pagsasalin kumpara sa mga mag-aaral sa Control Group. Higit pa rito, ang mas mababang standard deviation ng Experimental Group ay nagpapakita na higit na magkakatulad o

konsistent ang kanilang mga marka, samantalang ang mas mataas na standard deviation ng Control Group ay nagpapahiwatig ng mas malaking pagkakaiba-iba sa kanilang mga naging resulta. Sa kabuuan, ipinakikita ng mga natuklasan na ang paggamit ng pagsasalin sa pagtuturo ay may positibong kaugnayan sa pagpapataas ng performans ng mga mag-aaral sa Baitang 12 pagkatapos talakayin ang aralin sa unang kwarter.

*4.2 Makabuluhang pagkakaiba ng performans ng mga mag-aaral sa Baitang 12, bago at pagkatapos talakayin ang mga aralin sa unang kwarter na may pagsasalin*

**Talahanayan 3**
*Makabuluhang pagkakaiba ng perfomans*

| Pagsusulit | Mean Score | SD | t-value | p<value |
|---|---|---|---|---|
| Experimental Group (pre-test) | 19.18 | 3.49 | 3.35 | 0.003 |
| Control Group (pre-test) | 14.55 | 2.98 | | |
| Experimental Group (post-test) | 25.36 | 3.21 | 2.92 | 0.008 |
| Control Group (post-test) | 19.73 | 5.52 | | |

Makikita sa Talahanayan 3 ang paghahambing ng performans ng mga mag-aaral sa *Experimental Group* at *Control Group* bago at pagkatapos talakayin ang mga aralin sa unang kwarter. Sa pre-test, nagtala ang *Experimental Group* ng mas mataas na mean score ($\mu = 19.18$) at standard deviation (SD = 3.49) kaysa sa *Control Group* ($\mu = 14.55$) at standard deviation (SD = 2.98). Lumabas din na ang pagkakaibang ito ay makabuluhan ($t = 3.35$, $p = 0.003$), na nagpapahiwatig na magkaiba ang paunang antas ng pagganap ng dalawang pangkat. Samantala, sa post-test, tumaas ang mean score ng *Experimental Group* sa ($\mu = 25.36$) at standard deviation (SD = 3.21), habang ang *Control Group* ay nagtala ng ($\mu = 19.73$) at standard deviation (SD = 5.52). Ang resulta ng pagsusuri ay nagpakita rin ng makabuluhang pagkakaiba ($t = 2.92$, $p = 0.008$), na nagpapahiwatig na higit na mataas ang naging performans ng Experimental Group matapos ang pagtuturo na may pagsasalin.

Dahil ang p-value sa parehong pagsusulit ay mas mababa sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05, tinatanggihan ang null hypothesis. Ipinahihiwatig nito na may makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga mag-aaral sa pagitan ng *Experimental Group* at *Control Group*, at nagpapakita na ang paggamit ng pagsasalin bilang estratehiya sa pagtuturo ay nakatulong sa pagpapabuti ng pag-unawa at akademikong performans ng mga mag-aaral sa Baitang 12.

Ipinakikita nito na ang paggamit ng pasasalin bilang midyum o estratehiya sa pagsusulit ay may positibong ambag sa pagpapabuti ng akademikong performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pribadong paaralan na ang midyum na wika ay Ingles. Dahil dito, napatunayan sa pag-aaral na ito na tama ang nasabi ng naunang pag-aaral nina Lausa et al. (2024) na isa sa mga dahilan kung bakit bumababa ang score ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa mga pribadong paaralan ay ang kakulangan sa praktikal na paggamit ng wika sa tahanan, labis na exposure sa Ingles, at ang maling pananaw na "madali" lang ang Filipino.

## 5. Kongklusyon at Rekomendasyon

***Kongklusyon -*** Batay sa lumabas na resulta sa pag-aaral, makikita na ang mga mag-aaral sa baitang 12 sa isang pribadong paaralan sa Tacloban City, Leyte ay nakakuha ang *Experimental Group* ng mean score na ($\mu = 19.18$) at standard deviation na (SD = 3.49) at ang *Control Group* naman ay nakakuha ng mean score na ($\mu = 14.55$) at standard deviation na (SD = 2.98) sa isinagawang pre-test sa asignaturang Filipino. Habang sa isinagawang post-test naman, nakakuha ang *Experimental Group* ng mean score na ($\mu = 25.36$) at standard deviation na (SD = 3.21), habang ang *Control Group* naman ay nakakuha ng mean score na ($\mu = 19.73$) at standard deviation na (SD = 5.52). Ipinahihiwatig ng mga naging resulta na ang paggamit ng pasasalin bilang midyum o estratehiya sa pagsusulit ay may positibong ambag sa pagpapabuti ng akademikong performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pribadong paaralan na ang midyum na wika ay Ingles.

***Rekomendasyon***

- Inirerekomenda sa susunod na mga mananaliksik na palawakin ang pagsusuri sa mga paraan o estratehiya ng pagtuturo sa pagpapadali ng pagkatuto ng mga mag-aaral mula sa pribadong paaralan sa asignaturang Filipino.
- Iminumungkahi rin na gamitin ang wikang Ingles sa pagsasalin ng mga aralin para sa mga mag-aaral na hindi masyadong makaunawa sa wikang Filipino sa pagkatuto.
- At, sanayin ang mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino sa pagtuturo at pagkatuto ng asignaturang Filipino.

***AI Use Disclosure***. Ginamit ang AI sa pagwasto ng ilang mga salita upang makatiyak na madaling maunawaan ang mga ginamit na salita sa buong artikulo ng isinagawang pananaliksik. Sinuri, binigyang-katotohanan, at inedit ng mga may-akda ang lahat ng output, kabilang ang fact-checking. Walang kumpidensyal o personal na impormasyon ang inilagay sa mga AI tool. Ang mga may-akda ang may buong pananagutan sa nilalaman.

***Authors Contribution:*** **Alvin De Mesa:** Validation; Writing – Review & Editing; Formal Analysis (supporting); Review of the manuscript; Checking of format; and manuscript revisions. **Stephen P. Cinco:** Conceptualization (lead); Methodology (lead); Data Gathering (lead); Data Analysis (lead); Writing – Original Draft (lead); Writing – Review & Editing (lead)

## 6. Sanggunian


American Psychological Association. (2020). Publication Manual of the American Psychological Association (7th ed.).

Cherry, K. (2022). What is Sociocultural Theory? VeryWell Mind. Sinipi sa: https://www.verywellmind.com/what-is-sociocultural-theory-2795088

Culla-ag, J., Cosente, G., Chadya-as, B., Dirampaten, N., Eguia, M.L. (2025). *Mga Hamon Sa Epektibong Paggamit Ng Wikang Filipino Sa Pagsasalita.* Cognizance Journal. Sinipi sa: https://cognizancejournal.com/vol5issue1/V5I115.pdf

Den. (2015). *DepEd Order No. 8, s. 2015 (Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program).* DepEd. Sinipi sa: https://tangub.deped.gov.ph/2015/05/deped-order-no-8-s-2015-policy-guidelines-on-classroom-assessment-for-the-k-to-12-basic-education-program/

Huang, X. (2023). *A Review of Research on the Role of Translation in Second Language Acquisition.* EWA Publishing. Sinipi sa: https://lnep.ewapub.com/article/view/7505

Kent State University. (2026). *Paired Sample T-test.* Libguides. Sinipi sa: https://libguides.library.kent.edu/spss/pairedsamplesttest

Kumar, R., Lal, K. (2024). *TEACHER-MADE TEST.* IJCRT. Sinipi sa: https://www.ijcrt.org/papers/IJCRT2403279.pdf

Lausa, M., Leopoldo, D.R., Dabalos, L.J. (2024). *Mga hamon ng mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino sa Senior High School.* THEAJHSSR. Sinipi sa: https://www.theajhssr.com/vol-7-iss-2/THEAJHSSR_F0706307801020.pdf

Maluto, A. (2025). *Kahulugan at Kahalagahan ng Pagbasa.* SCRIBD. Sinipi sa: https://www.scribd.com/presentation/622904053/Kahulugan-at-Kahalagahan-ng-Pagbasa

McLeod, S. (2025). *Vygotsky Theory of Cognitive Development*. SimplyPsychology. Sinipi sa: https://www.simplypsychology.org/vygotsky.html

Nikolopoulou, K. (2023). *What is Purposive Sampling?* Scribbr. Sinipi sa: https://www.scribbr.com/methodology/purposive-sampling/

Sapkota, R. (2025). *Wilcoxon signed rank test.* Slideshare. Sinipi sa: https://www.slideshare.net/slideshow/wilcoxon-signed-rank-test-109799280/109799280

Shuttleworth, M. (2009). Pretest – Posttest Designs. Explorable. Sinipi sa: https://explorable.com/pretest-posttest-designs

Philippine Daily Inquirer. (2025). *Experience of Private School Proves folly of DepEd’s Mother Tongue policy.*

PDI. Sinipi sa: https://opinion.inquirer.net/146037/experience-of-private-schools-proves-folly-of-depeds-mother-tongue-policy

Quintero, J. W. (2019). *Estratehiya sa pagbasa ng mga estudyanteng nasa unang taon sa programang Bachelor of Elementary Education Special Education (SPED) sa Pamantasan ng Timog-Silangang Pilipinas*. Sinipi sa: Academia.edu. https://www.academia.edu/24000939/